Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-10 NG PEBRERO, 1997, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco........... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 034-T'97

KAPASIYAHANG NIRARATIPIKA ANG KONTRATA TUNGKOL SA PAGTATAYO NG PERYAHAN PARA SA DARATING NA KAPISTAHAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang kontrata tungkol sa pagtatayo ng peryahan sa darating na Kapistahan ng bayan ng Santa Cruz;

SAPAGKA'T, nakapaloob sa nasabing kontrata ang pagpapahintulot na makapagtayo ng peryahan sa mga lugaring itinakda gaya ng Daang Del Pilar, Valenzuela, Bonifacio, P.Guevarra at Daang Zulueta lamang;

SAPAGKA'T, nakapaloob din sa kontrata ang niloloobang panahon ng pagtatayo ng peryahan mula sa ika-26 ng Abril hanggang sa ika-6 ng Hunyo, ng taong ito;

SAPAGKA'T, itinakda rin sa kontrata ang mga panuntunang dapat na sundin para sa maayos na pagtatayo ng peryahan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Celestino D. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na ratipikahin ang kontrata tungkol sa pagtatayo ng peryahan para sa darating na kapistahan ng bayan ng Santa Cruz.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Inhinyero, Pambayang Ingat-yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Sandicho
JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

DOMINGO G. PANGANIBAN